# SPA – HNHS NAGDIWANG NG TAUNANG SELEBRASYON SA BUWAN NG SINING

*by:*
**Randell John M. Ruiz**
*Teacher II, Hermosa National High School*

Taun-taon ay isinasagawa ang pagdiriwang ng buwan ng sining hindi lang sa isang lugar kundi sa iba't-ibang parte ng bansa natin. Isa na nga rito ang pagdiriwang sa eskwelahan ng Hermosa National High School kasama ng kanilang Special Program in the Arts. Masasabi natin na maraming naging problema ang ating bansa ukol na din sa pandemyang dulot ng Covid-19. Isa na nga rito ay ang unti-unting pagbabago sa mundo ng 'performing arts,' na kung saan naman nalimitahan ang pag-eensayo o pagkakaroon ng mga palabas na may kinalaman sa pagpapalawig ng kultura ng ating bansa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi naman naging hadlang sa mundo ng sining ang pandemyang dumating, sa katunayan nga na mas napalawig natin ang pagdiriwang nito kahit tayo'y nasa birtwal na pagkikita. Nagkaroon ng mga kompetisyon, pagsasanay at maging mga konsyerto sa iba'-ibang social media platforms. Kaya masasabi natin na ang mga Pilipino ay maparaan sa lahat ng oras at bagay na ibigay sa atin.

Sa pagdiriwang naman ng 'Arts Month' sa HNHS ay nagsimula sa pamamagitan ng ribbon cutting bilang tanda ng pagsisimula ng isang linggong selebrasyon ng Sining. Pinasinayaan ng kanilang punong-guro na si Gng. Reycor E. Sacdalan ang kanilang 'Art Exhibit ngayong Pandemya.' Sinundan naman nito ng kani-kanilang iba't-ibang specializations sa SPA na birtwal na nagkaroon ng pagsasanay at paggawa ng kanilang obra at ginawan nila ito ng maikling presentasyon sa ika-limang araw.

*References:*

Department of Education. (2022). Observance of 2022 National Arts Month. [Memorandum OUF-2022-0088]. file:///C:/Users/USER/Downloads/Memo-re-Observance-of-2022-National-Arts-Month.pdf

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan